


Ágúst 2022 **Mga Patakaran at Tugon sa Pag-uugali sa Paaralan**

Í Fellaskóla er lögð áhersla á jákvæðan aga og að allir séu á heimavelli.

Sa Fellaskóli ay binibigyang diin ang positibong disiplina at ang bawat isa ay kabilang at bahagi.

Skólareglur Fellaskóla eru settar í samræmi við 30. grein laga um grunnskóla 91/2008 og reglugerð nr. 1040/2011 um skólareglur í grunnskólum.

Ang mga patakaran ng Fellaskóli ay itinakda alinsunod sa Artikulo 30 ng Batas ukol sa Paaralang Elementarya 91/2008 at Regulasyon blg. 1040/2011 tungkol sa mga Patakaran sa mga Paaralang Elementarya.

# Umgengni

**Pangangalaga sa paligid ng paaralan**

## Við göngum vel um skólann okkar og skólalóðina

Inaalagaan natin ang ating paaralan at ang bakuran ng paaralan

Í því felst að:

- Við látum eigur skólans og eigur annarra í friði
- Við göngum frá eftir okkur, hendum rusli í ruslafötur og hjálpumst að við að halda skólanum snyrtilegum
- Við förum úr útiskóm í anddyri og röðum í skóhillur
- Við göngum hljóðlega á milli staða og forðumst óþarfa ráp
- Við höldum okkur innan skólalóðar á skólatíma nema um annað sé samið
- Við notum ekki hjól, bretti, hlaupahjól eða vélhjól (vespur) á skólatíma og á skólalóð

Nangangahulugan ito na:

- Hindi natin pinapakialaman ang pag-aari ng paaralan at ng iba
- Nililinis natin ang ating kalat, itinatapon ang basura sa basurahan, at nagtutulungan sa pagpapanatili ng kalinisan sa paaralan
- Tinatanggal natin ang mga sapatos panlabas sa entrada at hinihilera ito nang maayos sa lalagyan ng mga sapatos
- Tahimik tayong naglalakad sa pagitan ng mga silid at iniiwasan natin ang hindi kinakailangang paglilibot
- Nananatili tayo sa loob ng bakuran ng paaralan sa mga oras ng klase maliban kung may ibang nakapagkasunduan
- Hindi tayo gumagamit ng bisikleta, skateboard, scooter, o motorsiklo sa oras ng klase at sa bakuran ng paaralan

# Námsgögn

**Mga kagamitan ng mag-aaral**

## Námsgögn eru mikilvæg og eiga alltaf að vera til staðar

Mahalaga ang mga kagamitan ng mag-aaral at dapat ay lagi itong nakahanda

Í því felst að:

- Við mætum með skólatöskur og viðeigandi námsgögn í kennslustund.
- Við mætum með viðeigandi sundföt og handklæði í sund.
- Við mætum með íþróttaföt í íþróttir.
- Við göngum vel um námsgögnin okkar, skólans og annarra.
- Við göngum frá eftir okkur.

Nangangahulugan ito na:

- Dumadalo tayo sa klase na may dalang mga bag at angkop na kagamitan sa bawat klase.
- Dumadalo tayo sa klase ng paglangoy na may dalang angkop na damit panlangoy at tuwalya.
- Dumadalo tayo sa klase ng sports na may dalang angkop na damit pang-isports.
- Inaalagaan natin ang ating mga kagamitan sa pag-aaral, pati na rin ang kagamitan ng paaralan at ng iba.
- Inililigpit natin ang sariling mga gamit.

# Snjalltækjanotkun

## Paggamit ng mga digital na aparato o smart devices

**Við látum ekki snjalltæki trufla okkur í námi en nýtum kosti þeirra. Fellaskóli er símalaus Skóli.**

Í því felst að:

- Fellaskóli er símalaus skóli. Snjallúr er líka sími. Nemendur mega ekki nota síma / snjallúr á skólatíma, hvorki á skólalóð né í skólahúsnæði.
- Nemendur yngra stigs geyma síma hjá kennurum.
- Allir nemendur eldra stigs hafa aðgang að skápum þar sem þeir geta geymt verðmæti.
- Við tökum hvorki myndir né myndskeið af starfsfólki og nemendum án leyfis .
- Við dreifum ekki myndum og myndskeiðum af starfsfólki og nemendum án leyfis.

**Hindi natin hinayaang makaabala ang mga smart device sa ating pag-aaral. Ginagamit lamang ito kung nakakatulong. Ang Fellaskóli ay paaralang walang telepono**

Nangangahulugan ito na:

- Ang Fellaskóli ay paaralang walang telepono. Ang smart watch din ay itinuturing na telepono. Ipinagbabawal sa mga estudyante ang paggamit ng telepono at smart watch sa oras ng pasukan, sa loob man o sa bakuran ng paaralan.
- Maaaring ibigay sa Gurong Tagapayo ang mga telepono ng mga estudyante sa nakababatang antas
- Itinatago naman ng lahat ng mga estudyante sa nakatatandang antas ang kanilang telepono sa kanilang locker, kung saan itinatago din ang ibang mahahalagang gamit.
- Hindi tayo kumukha ng mga larawan o video ng mga kawani at estudyante nang walang pahintulot.
- Hndi natin ipinamamahagi ang mga larawan o video ng mga kawani at estudyante nang walang pahintulot.

# Skóla- og bekkjarsáttmáli

**Mga Kasunduan sa Klase at sa Paaralan**

## Allir skipta máli og eru mikilvægir

Mahalaga at importante ang bawat isa

Í því felst að:

- Við gerum sameiginlegan skólasáttmála, út frá skólareglum, í upphafi skólaárs
- Við gerum bekkjarsáttmála með okkar bekk í upphafi skólaárs

Nangangahulugan ito na:

- Gumagawa tayo ng pangkalahatang kasunduan sa paaralan, batay sa mga patakaran ng paaralan, sa umpisa ng taong pampaaralan.
- Gumagawa tayo ng kasunduan sa klase kasama ang ating mga kaklase sa umpisa ng taong pampaaralan.

Heilbrigðar lífsvenjur

**Malusog at mabuting Pamumuhay**

## Við hugsum vel um okkur sjálf

**Pinangangalagaan natin ang ating mga sarili**

Í því felst að:

- Við notum ekki tóbak, rafrettur, áfengi, púða og önnur vímuefni
- Við komum með hollt nesti í skólann
- Við mætum vel úthvíld í skólan.
- Við komum ekki með orkudrykki, gosdrykki, snakk eða sælgæti í skólann nema um annað sé samið

Nangangahulugan ito na:

- Hindi tayo gumagamit ng sigarilyo, elektronik na sigarilyo, alak, nginunguyang tabako, at iba pang ipinagbabawal na droga.
- Nagdadala tayo ng masusustansyang baon sa paaralan.
- Pumapasok tayo sa klase nang may sapat na pahinga.
- Hindi tayo nagdadala ng mga energy drink, soft drink, tsitsirya o kendi sa paaralan, maliban kung may ibang kasunduan.

Samskipti

Komunikasyon o Pakikisalamuha

**Við komum fram við aðra eins og við viljum að aðrir komi fram við okkur**

**Tinatrato natin ng iba kung paano natin gustong tratuhin tayo ng iba**

Í því felst að:

- Við erum góðar fyrirmyndir og sýnum hvert öðru virðingu og tillitsemi
- Við sýnum góðvild, erum kurteis og förum eftir fyrirmælum starfsmanna
- Við hjálpumst að við að hafa vinnufrið
- Við virðum skóla- og bekkjarsáttmála
- Við beitum hvorki andlegu né líkamlegu ofbeldi

Nangangahulugan ito na:

- Mabuting halimbawa tayo at nagpapakita tayo ng respeto at konsiderasyon sa kapwa
- Nagpapakita tayo ng kabaitan, magalang, at sumusunod sa mga tagubilin ng mga kawani ng paaralan
- Nagtutulungan tayon upang magkaroon ng kapayapaan sa pag-aaral
- Nirerespeto natin ang mga Kasunduan sa paaralan at sa klase.
- Hindi tayo gumagamit ng pisikal o mental na karahasan